**ABSTRAK**

Batay sa pananaw sosyolinggwistika, integral ang gampanin ng wika sa paghubog at pagkatawan sa lipunang ginagalawan ng isang indibidwal. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong ilahad ang kultura, pagkatao at estado ng mga pangisdaan sa mga bayan ng Noveleta, Kawit, at Bacoor, Cavite sa pamamagitan ng pagtukoy sa umiiral na rehistro ng wika sa kabuhayang pangisdaan ng probinsya. Naging tuon ng pag-aaral ang lungsod ng Bacoor, at mga bayan ng Kawit, at Noveleta na malalapit sa dagat at may mga aktibong kabuhayang pangisdaan.

Sa pagsasakatuparan ng pag-aaral, ang mananaliksik ay nagsagawa ng *field study* at nagtungo sa mga pangisdaan ng Cavite, at nagsagawa ng pagmamasid at pakikipanayam sa mga mangingisda. Sa pagpili ng kalahok, ang mananaliksik ay gumamit ng *purposive sampling* na ang naging target na respondente ay ang mga mangingisdang may malawak na karanasan sa pangingisda, at nagsagawa ng *focus group discussion* sa kani-kanilang pangkat. Upang mas maunawaan ang ilang salita, nagtungo rin ang mananaliksik sa mga laot ng Cavite kung saan aktwal na nagaganap ang kabuhayang pangisdaan.

AKLATANG EMILIO AGUINALDO INFORMATION RESOURCE CENTER
ARCHIVES AND SPECIAL COLLECTIONS

Sa kabuuan, nakapangalap ang mananaliksik ng 197 na leksim na isinaayos sa dalawang kategorya: una ay batay sa yugto ng kabuhayan ng pangingisda (paghahanda, paglaot, pag-ahon, pagbebenta, pagtatahong), at ikalawa ay sa paraang glosaryo. Gamit ang pananaw na Pilipinolohiya, nilayong maipakita at matalakay sa pag-aaral ang pagka-Pilipino, kasama na ang kultura, estado, at danas ng mga mangingisda kaugnay ng rehistro ng wikang ginagamit nila sa kanilang kabuhayan.

Ang mga terminong binigyang-kahulugan ay ipinabalideyt, una sa 24 na piling mangingisda sa pangunguna ng mga *fisheries officer* ng kani-kanilang mga bayan, at ikalawa ay sa mga eksperto sa leksikograpiya at wika. Ginamit sa ebalwasyon ang instrumentong naglalaman ng *4-point acceptability scale* at *average weighted mean* para sa interpretasyon ng resulta. Matapos ang isinagawang pagbabalideyt, ang glosaryo ay nakakuha ng markang *3.76* na may interpretasyong “lubos na katanggap-tanggap”. Ang kabuuan ng pag-aaral ay inilahad sa paraang deskriptibo-kwalitatibo.

*Mga Susing salita:*

*Sosyolingwistika, Rehistro ng Wika, Pilipinolohiya, Glosaryo, Leksikograpiya*

**DAHON NG PAGPAPATIBAY**